

Ugnayan ng Metakognitibong Estratehiya sa Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng Mag-aaral ng BSED 1C at 2B na Nagpapakadalubhasa sa Filipino sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao

Ayessa Marie A. Alarcio¹, Angel Fanny M. Guevara², Nisha Dualding³,
Dinar R. Dela Cruz⁴, Czharina A. Arola⁵

(College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines)

ABSTRACT: Reading is an essential skill in learning that requires awareness and the use of appropriate strategies to fully understand a text. This study determined the relationship between metacognitive strategies and reading comprehension among BSED 1C and 2B students majoring in Filipino at Western Mindanao State University. A quantitative research approach employing a descriptive-correlational research design was used. This study has thirty respondents that were selected through purposive sampling. Data were gathered using the Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory (MARS) Version 1 and the Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). The findings revealed that the respondents demonstrated a high level of metacognitive strategy use, obtaining an overall mean of 3.74. Among the metacognitive strategies, Problem-Solving Strategies obtained the highest mean of 3.84. In contrast, the respondents' reading comprehension yielded a mean percentage score of 45.05%, which falls under the frustration level. Pearson Product-Moment Correlation analysis showed a weak positive relationship between metacognitive strategy use and reading comprehension ($r = .176$); however, the relationship was not statistically significant ($p = .353$). Thus, the findings indicate that the respondents' high level of metacognitive strategy use did not correspond to a high level of reading comprehension.

ABSTRAK: Ang pagbasa ay isang mahalagang kasanayan sa pagkatuto na nangangailangan ng kamalayan at paggamit ng angkop na mga estratehiya upang lubos na maunawaan ang isang teksto. Tinutukoy ng pag-aaral na ito ang ugnayan sa pagitan ng mga estratehiyang metakognitibo at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral ng BSED 1C at 2B na nagpapakadalubhasa sa Filipino sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Gumamit ang pag-aaral ng kwantitatibong pamamaraan at deskriptibo-korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Tatlung respondent ang napili sa pamamagitan ng purposive sampling. Nakalap ang datos gamit ang Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory (MARS) Version 1 at Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). Batay sa mga natuklasan, nagpakita ang mga respondente ng mataas na antas ng paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo, na may pangkalahatang mean na 3.74. Sa mga estratehiyang metakognitibo, nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.84 ang Problem Solving Strategies. Samantala, ang pag-unawa sa binasa ng mga respondente ay nakakuha ng mean percentage score na 45.05%, na kabilang sa antas ng frustration. Ipinakita ng Pearson Product-Moment Correlation analysis na may mahinang positibong ugnayan sa pagitan ng paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo at pag-unawa sa binasa ($r = .176$); gayunpaman, ang ugnayan ay hindi estadistikal na makabuluhan ($p = .353$). Samakatuwid, ipinakikita ng mga natuklasan na ang mataas na antas ng paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo ng mga respondente ay hindi katumbas ng mataas na antas ng pag-unawa sa binasa.

KEYWORDS: Filipino Education, MARS, Metacognitive Strategies, Phil-IRI, Reading Comprehension

I. PANIMULA

Ang mga mag-aaral ay may mahalagang papel sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa wikang Filipino, lalo na ang mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Sila ang inaasahang magiging tagapagturo at tagapagtaguyod ng ating sariling wika sa hinaharap. Dahil dito, mahalagang malinang ang kanilang kakayahan sa paggamit ng Filipino bilang pundasyon ng epektibong komunikasyon at pagtuturo sa bansa. Sa pamamagitan ng patuloy na pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa wika, nagiging mas handa sila sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya, pag-unawa sa iba't ibang uri ng teksto, at

aktibong pakikilahok sa mga gawaing akademiko. Sa kontekstong pang-edukasyon, ang pag-aaral ng Filipino ay hindi lamang tungkol sa pagkatuto ng gramatika at bokabularyo. Mahalaga rin ito dahil ang paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa ay nakatutulong sa pagpapahusay ng critical thinking skills at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasang teksto (Amanvermez, 2020).

Sa ika-21 siglo, pag-unlad sa akademiko, propesyonal, at sosyal ay kinakailangan ng sopistikadong kakayahan sa pagbasa. Ang makrong kasanayan sa pagbasa ay isa sa mga kasanayan na dapat taglay ng isang mag-aaral. Ayon kay Snow (2002), ang pagbasa ay ang proseso ng pag-unawa, paggamit, at pagninilay sa nakasulat na teksto upang makamit ang layunin ng mambabasa at mapalawak ang kaalaman, sapagkat ito ang susi sa pagbibigay ng kahulugan sa iba't ibang teksto, pagpapalawak ng bokabularyo, at pagbibigay-kakayahan upang masuri, maipaliwanag, at mailapat ang mga ideya sa iba't ibang konteksto. Ayon kina Hedgecock & Ferris (2018), ang pagbabasa ay isa sa mga mahalagang kasanayan sa pagkatuto ng wika sa pagtiyak ng kahusayan sa akademiko, kritikal na pag-iisip at pangmatagalang pagkatuto. Mahalaga ang magkaroon ng mataas na antas sa kasanayan sa pag-decode, pag-unawa, at pagsusuri sa kredibilidad at pagiging maaasahan ng impormasyong nakapaloob sa teksto. Binigyang-diin rin ito ni Carlo (2019) na ang pagbasa ay isang proseso na kinikilala at nauunawaan ang mga nakalimbag na letra o simbolo kung saan sa gawain na ito napakaimportante ng mensahe na nais ipabatid ng isang manunulat, kailangan unawain ito ng maayos ng mga mambabasa, sa pamamagitan ng pagbasanakakalap tayo ng impormasyon at kahulugan galing sa ating nakikita. Gayunpaman, may mga pagkakataon na hindi lahat ng mag-aaral ay nauunawaan ang kanilang nabasang teksto. Maraming salik ang maaaring makaapekto sa kakayahan ng isang mag-aaral na lubos na maunawaan ang binabasa, kabilang na rito ang kakulangan sa bokabularyo, kawalan ng interes, at limitadong kasanayan sa pagbasa (Snow, 2002). Upang mas mapabuti ang pag-unawa sa teksto, ipinakilala ng ilang pag-aaral ang paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa (Schmitt, 1990; Velasco & Villanueva, 2022).

Ang terminong *metacognition* ay unang inilarawan ni Flavell (1979) bilang isang kaalaman o kamalayan tungkol sa sariling proseso ng pag-iisip, kasama na ang kakayahang planuhin, subaybayan, at suriin ang sariling pagkatuto. Sa pamamagitan ng *metacognition*, nagiging mas mulat ang isang mag-aaral sa kung paano siya natututo at kung anong mga estratehiya ang makatutulong upang higit na mapabuti ang kanyang pag-unawa sa mga aralin. Sa konteksto ng pagbasa, ang mga estratehiyang metakognitibo ay tumutulong sa mga mag-aaral na mas maunawaan at maproseso ang kanilang binabasang teksto, pati na rin sa pagpapalakas ng pag-alala at pangmatagalang memorya (Schraw & Dennison, 1994; Velasco & Villanueva, 2022). Ayon kay Fitrisia et al. (2015), mahalaga ang metakognisyon sa edukasyon sapagkat ang mga guro ay hindi lamang nangangasiwa sa proseso ng pagkatuto kundi tumutulong din sa pagpapalakas ng kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa nilalaman ng aralin at kahalagahan ng pagiging estratehiko sa pagsusuri ng sariling pag-unawa sa binasa. Itinuturing ang metakognisyon bilang isang makabuluhang salik sa pagtatasa ng pag-unawa sa teksto dahil ito ay kritikal sa pagganap ng mas mataas na antas ng pag-iisip (higher-order thinking) sa pag-aaral (Veenman et al., 2006). Dagdag pa nina Deliany at Cahyono (2020), ang paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbabasa ay epektibong taktikal na pamamaraan upang mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral na unawain, suriin, at ilapat ang kanilang natutunan mula sa binabasang materyal. Nakita rin ng iba pang pag-aaral (Baker & Brown, 1984; Zimmerman, 2002) na ang mga mag-aaral na may mataas na kamalayan sa metakognisyon ay mas matagumpay sa pag-unawa ng teksto at paglutas ng problema sa akademikong konteksto. Ipinapahiwatig ng mga pag-aaral na ang metakognitibong estratehiya ay epektibo sa matagumpay na pag-unawa.

Bagamat maraming pag-aaral ang nagsuri sa ugnayan ng metakognitibong estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa, karamihan sa mga ito ay isinagawa sa konteksto ng wikang Ingles at sa mga asignatura tulad ng Agham at Matematika (Schmitt, 1990; Velasco & Villanueva, 2022; Zimmerman, 2002). Iilan lamang ang pananaliksik na nakatuon sa paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pag-unawa ng pagbasa sa asignaturang Filipino, lalo na sa antas ng kolehiyo, kung saan mahalaga ang kasanayan sa pagbasa bilang pundasyon sa pagtuturo at pagpapalawak ng kaalaman sa wika (Deliany & Cahyono, 2020; Fitrisia et al., 2015). Dahil dito, nananatiling limitado ang datos na nagpapakita kung paano nakakaapekto ang metakognitibong estratehiya sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Pang-Edukasyon, partikular sa kursong Filipino sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Ang kakulangan ng tiyak na pag-aaral sa konteksto ng Filipino ay nagbubukas ng pagkakataon upang suriin ang ugnayan ng estratehiyang metakognitibo

at pag-unawa sa binasang teksto sa Filipino, na makakatulong sa paggamit ng angkop na estratehiya at pagpapaunlad ng epektibong pagtuturo at pagkatuto.

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang ugnayan ng metakognitibong estratehiya sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon 1C at 2B na nagpakadalubhasa sa Filipino sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Partikular, tinutukoy nito ang mga sagot sa sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng paggamit ng metakognitibong estratehiya ng BSED 1C at 2B?
2. Ano ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng BSED 1C at 2B?
3. May makabuluhang ugnayan ba ng paggamit ng metakognitibong estratehiya at antas ng pag-unawa sa pagbasa ng BSED 1C at 2B?

III. KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

1.1 Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa

Ang metakognitibong estratehiya sa pagbasa ay mga teknik o pamamaraan na kung saan ay ginagamit ng mga mambabasa upang, masubaybayan, masuri, at makontrol ang sarili niyang pag-unawa habang nagbabasa.

Ang metakognitibong estratehiya ay nagmula sa terminong *metacognition* na unang larawan ni Flavell (1971), ito ay tumutukoy sa kaalaman o kamalayan ng isang tao tungkol sa kanyang sariling proseso ng pag-iisip, kabilang ang kakayahang magplano, subaybayan, at suriin ang kanyang sariling pagkatuto. Pinalawak ni Flavell (1981) ang *meta-cognition* bilang *cognition* tungkol sa *cognition* at nabanggit ang pagkakaiba ng metakognitibong kaalaman at metakognitibong karanasan. Inilantad ni Flavell na ang meta-cognition ay tumutukoy saparehong kamalayan at pamamahala ng tao, hindi lamang ng kanilang mga proseso ng pag-iisip, kundi pati na rin ng kanilang mga kagustuhan at motibasyon.

Ang *metacognition* ay malapit na kaugnay sa mga gawain sa pagbasa dahil ginagamit ito para makita kung paano ang mga kognitibong gawain tulad ng pag-uunawa, pag-alala, pagkatuto, at paglutas ng mga problema ay naisakatuparan nang epektibo (Azevedo, 2020). Sa mga kamakailang pag-aaral, ang metakognitibong estratehiya sa pagbasa ay tumutukoy metakognitibong kamalayan sa kanilang kaalaman at proseso sa pag-iisip habang sa prosesong pagbasa ng isang mambabasa (Hilmi, 2024). Samakatuwid, ang pagbasa na may estratehiya ay hinihikayat ang mga mambabasa na mas maging mulat at nag-iisip sa kanilang binabasa.

May mga pag-aaral na isinagawa patungkol sa paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa. Isang pag-aaral nina Husna et al. (2025), sinuri ang epekto ng kognitibo at metakognitibong estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng EFL gamit ang pretest–posttest design at talatanungan. Ipinakita ng resulta na may makabuluhang pagtaas sa marka ng mga mag-aaral matapos gamitin ang mga estratehiyang ito. Ipinapakitang pag-aaral na ang paggamit ng metakognitibong estratehiya ay nakatutulong sa pagpapabuting pag-unawa sa binasang teksto.

Ang pag-aaral nina Deliany & Cahyono (2020) na pinamagatang Metacognitive Reading Strategies Awareness and Metacognitive Reading Strategies Use of EFL University Students across Gender ay nagsuri sa antas ng kamalayan at paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral sa unibersidad na nag-aaral ng Ingles bilang banyagang wika (EFL). Layunin ng pag-aaral na matukoy kung paano ginagamit ng mgamag-aaral ang iba't ibang metakognitibong estratehiya habang nagbabasa at kung may pagkakaiba sa paggamit nito batay sa kasarian. Gumamit ang mga mananaliksik ng talatanungan upang masukat ang antas ng kamalayan at paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa ng mga kalahok. Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na ang mga mag-aaral ay may katamtaman hanggang mataas na antas ng paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa. Ipinapahiwatig ng pag-aaral na ang kamalayan at paggamit ng metakognitibong estratehiya ay mahalagang salik sa pagpapabuti ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral (Deliany & Cahyono, 2020).

Ayon sa pag-aaral ni Navarro (2021), mahalagang papel ang ginagampanan ng metakognitibong estratehiya sa pagpapabuti ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa batayang edukasyon. Ipinakita sa pananaliksik na ang mga estratehiyang tulad ng pagpapalano, pagsubaybay, at pagsusuri sa sariling pag-unawa habang nagbabasa ay nakatutulong upang maging mas epektibo ang pagproseso ng impormasyon mula sa teksto. Kaugnay nito, ipinakita rin na ang paggamit ng metakognitibong estratehiya ay may positibong impluwensya sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa sapagkat nagtutulungan silang kontrolin at suriin ang kanilang sariling proseso ng pagkatuto habang nagbabasa. Dagdag pa rito, ipinakita rin sa pag-aaral nina Shah et al. (2025) na ang mga interbensyon na nakatuon sa pagtuturo ng metakognitibong estratehiya ay nagdudulot ng pagtaas sa antas ng pag-unawa sa pagbasa at mas aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Ang mga pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat parehong sinusuri ang ugnayan ng metakognitibong estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa.

1.2 Pag-unawa sa Pagbasa

Ang pagbasa at pag-unawa ay isang proseso kung saan kinakailangang tukuyin ng mambabasa ang mga simbolo ng linggwistiko at muling buuin ang mga ito hanggang sa makabuo ng isang makabuluhang kabuuan na hinahangad ng manunulat (Delgado et al., 2018; Smith et al., 2021).

Ayon rin nina Ramirez at Mazariegos (2017), binigyang kahulugan nila na ang pag-unawa sa binasa, o reading comprehension sa Ingles, ay kakayahan na intindihin kung ano ang binasa; saklaw nito ang pagbuo ng kahulugan sa pamamagitan ng pagkuha ng mahusay na ideya mula sa isang teksto, pati na rin ang kakayahang lumikha ng ugnayan sa pagitan ng mga ito.

Binigyan-diin rin nina Duke at Cartwright na ang pagbasa at pag-unawa ay nakabatay sa interaksyon ng ilang magkakaugnay na kakayahan, kabilang ang pagkilala sa mga salita; pag-unawa sa wika; kaalaman sa bokabularyo; kasanayan sa mabilis at maayos na pagbasa (fluency); kaalaman sa konteksto; kakayahang pamahalaan ang sariling pag-iisip (executive control); and metacognitive control.

Madalas itampok ng mga mananaliksik ang mga ito bilang isa sa mga pangunahing mekanismo na tumutukoy sa kinalabasan ng pagbasa at pag-unawa (Ghimire & Mokhtari, 2025).” Gayunpaman, ayon kay Adeyiga (2024), ang pagbasa at pag-unawa ay maituturing mapaghamong kakayahan sa pagkatuto. Ilan sa mga guro at mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagtuturo at pag-unawa ng binabasa sapagkat ang pagbasa at pag-unawa ay masalimuot. Kinakailangan nito ang pag-iisip, pagbabahagi ng mga nakaraang karanasan, at pagkuha ng mahahalagang impormasyon para sa pag-unawa. Ang pagkilala sa mga salita at pag-decode nito ang batayan ng pagbasa at pag-unawa.

Batay sa isinagawang pag-aaral nina Dela Cruz J.Y. et al. (2026) na “Reading Comprehension and Academic Performance of Students,” sinuri sa pag-aaral na ito ang ugnayan ng pag-unawa sa binasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 12 ng Senior High School sa San Miguel National High School, San Miguel, Bulacan, sa Taong Panuruan 2022–2023. Sa pag-aaral na ito, *quantitative correlational research design* ang ginamit sa pag-aaral na kinabibilangan ng 258 mag-aaral sa Baitang 12 na pinili sa pamamagitan ng *simple random sampling*. Isang 40-item na istandardisado ng pagsusulit sa pag-unawa sa binasa ang ginamit upang sukatin ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, habang ang akademikong pagganap ay tinukoy gamit ang kanilang *General Weighted Average (GWA)*. Ginamit ang deskriptibong estadistika tulad ng dalas (frequency), porsyento, mean, at standard deviation upang ilarawan ang demographic profile ng mga mag-aaral, antas ng pag-unawa sa binasa, at akademikong pagganap. Ginamit naman ang *Pearson Product-Moment Correlation Coefficient* upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng pag-unawa sa binasa at akademikong pagganap. Ipinakita ng mga resulta na ang mga kalahok o respondents ay nagpakita ng mataas na antas ng pag-unawa sa binasa at napakataas na antas ng akademikong pagganap. Higit pa rito, ipinakita ng mga natuklasan na may mahina ngunitestadistikong makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng pag-unawa sa binasa at akademikong pagganap ($r = .355$, $p = .001$).

1.3 Kaugnayan ng Metakognitibong Estratehiya at Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa

Ang metakognisyon ay tumutukoy sa kamalayan ng isang tao sa sariling proseso ng pag-iisip at sa kakayahan nitong kontrolin at suriin ang sariling pagkatuto, na maaaring pagpapahusay sa pag-unawa sa binabasang teksto. Kabilang dito ang pagpapalano, pagsubaybay, at pagsusuri sa sariling pag-unawa habang nagsasagawa ng isang gawain tulad ng pagbasa.

Ayon kay Flavell (1979), ang metakognisyon ay mahalagang bahagi ng pagkatuto sapagkat nagbibigay ito sa mga mag-aaral ng kakayahang pamahalaan ang kanilang sariling proseso ng pag-iisip habang nag-aaral. Sa konteksto ng pagbasa, ang paggamit ng metakognitibong estratehiya ay mahalaga dahil tinutulungan nito ang mga mag-aaral na maging aktibong mambabasa at magkaroon ng mas mataas na antas ng pag-unawa.

Ayon sa pag-aaral nina Husna et al. (2021), ang mga estratehiya tulad ng pag momonitor ng pag-unawa, pagbuo ng prediksyon, at pagbubuod ng teksto ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinapakita rin ng iba pang literatura na ang metakognitibong estratehiya ay nagsisilbing tagapamahala ng proseso ng pagbasa, kung saan natututo ang mga mag-aaral na planuhin ang kanilang pagbasa, tukuyinang antas ng kanilang pag-unawa, at gumawa ng hakbang kapag nahihirapan.

Ayon kina Ahmad Gazali at Sitti Baa (2022), ang mga mag-aaral na gumagamit ng metakognitibong estratehiya ay nagkakaroon ng mas mataas na kakayahang mag-analisa at magbigay-kahulugan sa teksto, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pag-unawa. Sa kabuuan, ipinakita ng mga pag-aaral na ito ang positibong kaugnayan ng metakognitibong estratehiya sa antas ng pag-unawa sa pagbasa.

May ilang mga pag-aaral na isinagawa patungkol sa kaugnayan sa Metakognitibong Estratehiya at antas ng pag-unawa sa pagbasa. Isa na rito ang pag-aaral na isinagawa ni Joey Villanueva (2022) na “*Language profile, metacognitive reading strategies, and reading comprehension performance among college students*”. Tinalakay sa pag-aaral na ito ang profile ng wika ng mga mag-aaral, mga metakognitibong estratehiya sa pagbasa, at ang pagganap ng pag-unawa sa binasa sa paraan na descriptive-correlational design. Sinuri ng mananaliksik ang paggamit ng mga metakognitibong estratehiya sa pagbasa at tinukoy ang epekto nito

sa pag-unawa sa binasa tungo sa pagpapabuti ng pagganap sa pagbasa ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Batay sa pag-aaral, natuklasan na ang Tagalog ang pinaka karaniwang wikang sinasalita ng mga respondents, na sinundan ng Iloko at Ingles. Lumabas din na ang mga mag-aaral ay may katamtamang mataas na pagganap sa pag-unawa sa binasa at may katamtamang antas ng pamilyaridad at saloobin sa wikang Filipino. Natuklasan din na ang *Problem-Solving Strategies (PROB)* ang pinaka-madalas gamitin, na sinundan ng *Global Reading Strategies (GLOB)* at *Support Reading Strategies (SUPP)*. Ipinakita ng mga resultana ang mga kalahok o respondents ay nagpakita ng mataas na antas ng pag-unawa sa binasa at napakataas na antas ng akademikong pagganap.

Sa mga kaugnay na pag-aaral, binigyang-diin ang ugnayan ng metakognitibong estratehiya at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral nina Abdul Muhid et al. (2020) na pinamagatang "The Effect of Metacognitive Strategies Implementation on Students' Reading Comprehension Achievement," sinuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagganap sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school kapag gumagamit ng metakognitibong estratehiya. Bukod dito, tinutukoy rin sinasabi ng pag-aaral ang mga metakognitibong estratehiya na ipinapatupad ng mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang pag-unawa sa pagbasa. Gumamit ang mga mananaliksik ng Reading Comprehension Test (RCT) at Metacognitive Strategy Questionnaire (MSQ) sa pangangalap ng datos. Batay sa resulta, natuklasan na ang paggamit ng metakognitibong estratehiya ay may positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Kaugnay nito, ipinapakita ng mga nasuring pag-aaral ang ugnayan ng metakognitibong estratehiya at pag-unawa sa binasang teksto, gayundin ang impluwensiya ng iba't ibang estratehiya sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagbasa. Bukod pa rito, sinuri rin kung aling mga metakognitibong estratehiya ang madalas gamitin ng mga mag-aaral at kung paano ito nakakaapekto sa kanilang pag-unawa. Ang mga kinalabasan ng mga pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik na naglalayong tuklasin ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa asignaturang Filipino at ang ugnayan nito sa mga metakognitibong estratehiyang kanilang madalas gamitin sa pagbasa ng tekstong Filipino.

IV. BATAYANG TEORETIKAL

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Metacognitive Theory ni John H. Flavell na nakapaloob sa kaniyang akdang *Metacognition and Cognitive Monitoring* (1979). Kaugnay nito, tatalakayin din ang ilang teorya sa pagbasa gaya ng Teoryang Iskema, Teoryang Bottom-up, Teoryang Top-down, at Teoryang Interaktibo upang higit na maipaliwanag ang proseso ng pag-unawa sa pagbasa at ang papel ng metakognitibong estratehiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

1.1 Teoryang Metakognitibo

Ang pangunahing batayang teoretikal ng pag-aaral na ito ay ang Metacognitive Theory ni John H. Flavell. Ayon kay Flavell (1979), mahalaga ang kamalayan, pagsubaybay, at regulasyon ng isang indibidwal sa sariling proseso ng pag-iisip upang higit niyang maunawaan ang kaniyang binabasa. Binigyang-diin din niya na ang metakognisyon ay may mahalagang papel sa "reading comprehension, writing, language acquisition, attention, memory, and problem solving" (p. 906).

Ayon pa kay Flavell (1979), binubuo ang metakognisyon ng dalawang mahalagang bahagi: metacognitive knowledge at metacognitive experiences. Ang metacognitive knowledge ay tumutukoy sa kaalaman ng isang indibidwal tungkol sa kaniyang sariling pag-iisip at proseso ng pagkatuto. Kabilang dito ang kaalaman sa sariling kakayahan at limitasyon, uri ng gawaing isinasagawa, at mga estratehiyang maaaring gamitin upang mapadali ang pagkatuto at pag-unawa. Samantala, ang metacognitive experiences ay tumutukoy sa mga iniisip at nararamdaman ng isang tao habang isinasagawa ang isang gawain. Karaniwan itong nararanasan kapag ang gawain ay mahirap, bago, o nangangailangan ng masusing pag-iisip (p. 908).

Kaugnay nito, ipinapakita ng teorya na ang isang mambabasa na may mataas na kamalayan sa sariling pagkatuto ay higit na nakagamit ng angkop na estratehiya upang maunawaan ang teksto. Sa pamamagitan ng pagpapalano bago magbasa, pagsubaybay habang nagbabasa, at pagsusuri matapos magbasa, nagiging mas epektibo ang proseso ng pag-unawa. Ipinapahiwatig din ng teorya na ang paggamit ng iba't ibang metakognitibong estratehiya ay maaaring makaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng isang mag-aaral.

Ginamit ng mga mananaliksik ang teoryang ito bilang batayan ng pag-aaral sapagkat ito ang nagsisilbing gabay sa pagsusuri ng ugnayan ng metakognitibong estratehiya at pag-unawa sa pagbasa. Sa pag-aaral na ito, sinuri ang antas ng paggamit ng mga estratehiyang kabilang sa *Global Reading Strategies*, *Problem-Solving Reading Strategies*, at *Support Reading Strategies*, gayundin ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng teoryang ito, ipinapalagay ng pag-aaral na may makabuluhang ugnayan ang paggamit ng metakognitibong estratehiya at ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

1.2 Teoryang Iskema

Ang Teoryang Iskema ay unang ipinakilala ni Frederic Bartlett (1932) at higit na pinalawak ni David Rumelhart (1980). Ayon sa teoryang ito, ginagamit ng mambabasa ang kaniyang dating kaalaman at karanasan upang maunawaan ang bagong impormasyon mula sa teksto.

Kaugnay nito, ipinakita sa pag-aaral na “Mga Salik na Nakakaapekto sa Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Junior High School” na ang kakulangan sa pag-aaral, mababang antas ng pag-unawa, at limitadong bokabularyo ay kabilang sa mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa.

1.3 Teoryang Bottom-up

Ang Teoryang Bottom-up ay nakatuon sa pagbuo ng kahulugan mula sa mga elemento ng teksto. Ayon kay Leonard Bloomfield (1961), nagsisimula ang pagbasa sa pagkilala sa mga simbolong pangwika, na sinusundan ng pagbuo ng mga salita, parirala, at pangungusap hanggang sa kabuuang kahulugan ng teksto.

Sa pag-aaral na “Improving Reading Comprehension, Vocabulary and Fluency through the Use of Bottom-Up Model: An Experiment,” ipinakita na nakatulong ang Bottom-up Model sa pagpapahusay ng pag-unawa sa binasa, talasalitaan, at katatagan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

1.4 Teoryang Top-down

Ang Teoryang Top-down ay nakatuon sa paggamit ng dating kaalaman, karanasan, at kakayahang pangwika ng mambabasa sa pag-unawa sa teksto. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Kenneth Goodman at James Coady ang kahalagahan ng mga prosesong pangkaisipan sa pagbibigay-kahulugan sa binabasa.

Sa teoryang ito, aktibong ginagamit ng mambabasa ang kaniyang dating kaalaman upang maiugnay at mabigyang-kahulugan ang bagong impormasyon, kaya nagiging mas malalim ang pag-unawa sa teksto.

1.5 Teoryang Interaktibo

Ang Teoryang Interaktibo ay nagpapaliwanag na ang pagbasa ay resulta ng interaksyon ng mambabasa at teksto. Kabilang sa mga pangunahing tagapagtaguyod nito sina David Rumelhart (1985), Robert Barr, Milton Sadow, Camille Blachowicz (1990), Robert Ruddell, at Harry Singer (1985). Ayon sa teoryang ito, pinagsasama ng mambabasa ang impormasyon mula sa teksto at ang kaniyang dating kaalaman, kaya ito ay kombinasyon ng bottom-up at top-down na proseso.

Kaugnay nito, ipinakita sa pag-aaral na “Enhancing the Reading Skills of BSED English College Students Through Interactive Reading Strategies” na nakatulong ang mga interaktibong estratehiya sa pagpapataas ng pakikibahagi, motibasyon, at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

V. METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga pamamaraang gagamitin ng mga mananaliksik, paraan ng pagpili ng disenyo, proseso ng pagpili ng mga kalahok, mga instrumentong gagamitin sa pangangalap ng datos, hakbang sa pagtitipon ng datos, at estadistikal na pamamaraang gagamitin sa pagsusuri ng pag-aaral na ito.

1.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibong pananaliksik na gumamit ng *descriptive-correlational design*. Ang mga mananaliksik ay gagamit ng mga talatanungan o kwestyunerupang kolektahin ang mga datos. Kung kaya’t sa pag-aaral na ito, layon nitong makita ang ugnayan ng mga metakognitibong estratehiya sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang *descriptive-correlational* na disenyo ay angkop sa layunin ng pag-aaral sapagkat ito ay ginamit upang ilarawan ang kasalukuyang kondisyon (*descriptive*) at tukuyin ang relasyon sa pagitan ng dalawa o higit pang baryabol nang hindi binabago o minamanipula ang mga ito (*correlational*). Sa pamamagitan ng disenyong ito, maaaring matukoy o masuriang antas ng kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, nagiging posible ang mabilis at matagumpay na pagkatuto ng mga mag-aaral kapag mayroon sila ng sapat na kaalaman kung paano sila natututo.

1.2 Pagpili ng Kalahok

Sa bahaging ito, gumamit ang mga mananaliksik ng purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok. Ayon sa pag-aaral na Comparison of Convenience and Purposive Sampling, ang teknik na ito ay hindi random ang pagpili ng mga kalahok sapagkat pinili sila batay sa mga katangiang may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Sa paraang ito, pinili ng mga mananaliksik ang mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon Pangguro nagpakadalubhasa sa asignaturang Filipino sa Pamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao bilang mga kalahok ng pag-aaral.

Binubuo ang mga kalahok ng tatlong (30) respondente, kung saan mayroong labinlimang (15) mag-aaral mula sa unang antas at labinlimang (15) mag-aaral mula sa ikalawang antas. Pinili ang bilang na ito sapagkat sila ang itinuturing na angkop na kalahok para sa pag-aaral dahil taglay nila ang mga katangiang kinakailangan upang makapagbigay ng kaugnay at sapat na datos hinggil sa paggamit ng metakognitibong estratehiya at antas ng pag-unawa sa pagbasa. Bilang mga mag-aaral na nagpakadalubhasa sa Filipino, inaasahang mayroon silang sapat na karanasan at kaalaman sa pagbasa at paggamit ng mga estratehiyang may kaugnayan sa pag-aaral.

1.3 Instrumento ng Pag-aaral

Ang instrumentong ginamit ng mga mananaliksik ay ang talatanungan ng MARSİ (Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory) Version 1 at Phil-IRI (Philippine Informal Reading Inventory). Ang pangunahing instrumento ay ang MARSİ, isangistandardisadong instrumento na hango sa pag-aaral nina Kouider Mokhtari at Carla A. Reichard (2002) na pinamagatang Assessing Students' Metacognitive Awareness of Reading Strategies. Ang orihinal na instrumento ay nakasulat sa wikang Ingles kaya't isinalin ito ng mga mananaliksik sa wikang Filipino upang higit na maging angkop at madaling maunawaan ang mga kalahok ng pag-aaral. Upang matiyak ang kaangkupan at kalinawan ng salin, sumailalim ito sa balidasyon ng dalawang guro sa Filipino mula sa WMSU Integrated School (ILS). Kalakip nito ang sertipikasyon na nagpapatunay na sinuri at binalidate nila ang naturang instrumento.

Ang pangalawang istandardisadong instrumento naman ay ang pagsusulit ng Phil-IRI na ginamit sa pag-aaral nina Abante, Ansing, at Torres (2022) na pinamagatang Epekto ng Wattpad sa Komprehensiyon ng mga Mag-aaral sa Senior High School. Binubuo ito ng dalawang sanaysay na may tig-sampung tanong na nasa anyong multiple choice upang masukat ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

1.4 Pangangalap ng Datos

Ang pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng mga talatanungan at pagsusulit na hinalaw ng mga mananaliksik mula sa mga ginamit na instrumento ng pag-aaral. Humingi muna ng pahintulot ang mga mananaliksik sa paggamit ng mga instrumento sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham bago isinagawa ang pangangalap ng datos. Gayundin, humingi rin sila ng pahintulot sa Dekano ng Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro upang makapagsagawa ng sarbey sa mga mag-aaral.

Matapos mabigyan ng pahintulot, isinagawa ng mga mananaliksik ang pangangalap ng datos sa mga mag-aaral ng Edukasyong Pangguro sa pamamagitan ng pamamahagi ng talatanungan at pagsusulit kalakip ang informed consent. Sabay na ibinigay sa mga kalahok ang dalawang instrumento, ang MARSİ at Phil-IRI, upang maging mas sistematiko at episyente ang pangangalap ng datos.

Pagkatapos malikom ang lahat ng datos, sinuri ang mga ito sa pamamagitan ng Statistical Package for the Social Sciences (SPSS) upang mapabilis ang pagproseso ng datos at makabuo ng mas matibay na konklusyon batay sa estadistika. Ang naging resulta ng isinagawang pagsisiyasat ay nagsilbing batayan ng kasalukuyang pag-aaral..

1.4 Konsiderasyong Etikal

Bago sinimulan ang pangangalap ng mga datos, unang humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa Dekano ng Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro upang masiguro ang pagsunod sa mga alituntunin at pamantayang etikal ng naturang institusyon. Gayundin, humingi rin sila ng pahintulot sa mga kalahok upang matiyak na sila ay may sapat na kaalaman at kusang-loob na pumayag na gamitin ang kanilang impormasyon para sa layunin ng pananaliksik na ito. Ang pahintulot na ito ay naglalaman ng impormasyon hinggil sa layunin at mga hakbang ng pananaliksik, kung paano gamitin ang kanilang datos, at kung paano mapoprotektahan ang kanilang impormasyon. Ang mga kalahok ay binigyan ng kalayaan na tumanggi o huwag sagutin ang ilang sensitibong tanong na itinuturing nilang kumpidensyal. Mayroon din silang karapatan umatras sa sarbey anumang oras nang walang anumang kaparusahan, at iginagalang ng mga pananaliksik ang kanilang naging desisyon. Pinanatili rin ng mga mananaliksik ang integridad ng akademikong pagsisiyasat sa pamamagitan ng pagtutok sa layunin ng pag-aaral at pag-iwas sa anumang maling paggamit ng pananaliksik para sa pansariling kapakanan.

Matapos ang pag-aaral, ang lahat ng nakalap na datos mula sa mga kalahok ay maingat na pinangasiwaan at winasak alinsunod sa wastong pamantayan ng data disposal. Ang mga pisikal na dokumento, tulad ng mga sinagutang talatanungan at consent forms na ginamitan ng pen-and-paper, ay sinira sa paraang hindi na mababasa o magagamit muli, gaya ng pagdurog o paghihiwa-hiwalay ng papel. Samantala, ang mga datos na nailipat sa digital naanyo para sa pagsusuri ay ganap na binura gamit ang angkop na paraan upang matiyak nahindina hindi na ito mare-recover. Tininyak ng mga mananaliksik na ang lahat ng impormasyon ng mga kalahok ay nanatiling kumpidensyal at protektado. Upang mapanatili ang kanilang anonymity, binigyan ang mga kalahok ng kalayaang hindi ilagay ang kanilang mga personal na impormasyon tulad ng pangalan. Ang proseso ng pagtatapon ng datos ay isinagawaalinsunod sa Data Privacy Act of 2012.

Bukod dito, tininyak ng mga mananaliksik ang pagsunod sa mga pamantayang etikal sa buong proseso ng pananaliksik. Isinagawa ang pag-aaral nang walang pagtanggap ng pondo, regalo, o anumang benepisyo mula sa mga kumpanya o institusyong may kaugnayan sa paksa. Ang pakikilahok ng mga kalahok ay ganap na boluntaryo, at nakatanggap sila ng maliit na regalo bilang pagpapahalaga sa kanilang kusang-loob na pakikibahagi sa pag-aaral.

1.6 Pagsusuri ng Datos

Para sa pagkuha ng kwantitatibong datos, ginamit ang Statistical Package for the Social Sciences (SPSS) upang i-encode at suriin ang mga datos sa kompyuter.

Sa Talahanayan 1.0, ipinakita ang antas ng paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mga akdang pang-akademiko. Ginamit ang mean score upang mailarawan ang antas ng paggamit na

inuri bilang mataas, katamtaman, o mababa. Ipinakita rin ang mean ng bawat subscale—Global Reading Strategies, Problem-Solving Reading Strategies, at Support Reading Strategies—upang makapagbigay ng mas malinaw na paglalarawan sa antas ng paggamit ng bawat uri ng metakognitibong estratehiya ng mga mag-aaral.

Talahanayan 1.0

Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory (MARS) Version 1.0

Puntos	Interpretasyon
3.5	Mataas
2.5-3.4	Katamtaman
2.4 at pababa	Mababa

Upang masukat ang antas ng paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral ng BSED 1C at 2B, gumamit ng deskriptibong estadistika, partikular ang mean. Ginamit ang mean bilang batayang estadistikal upang mailarawan ang antas ng paggamit ng mga metakognitibong estratehiya. Ang mga nakuhang mean score ay binigyang-interpretasyon batay sa itinakdang pamantayan upang matukoy kung ang antas ng paggamit ay mataas, katamtaman, o mababa.

Upang makuha ang mga kinakailangang mean scores, ginamit ang statistical software na IBM SPSS Statistics. Sa pamamagitan nito, kinompyut ang kabuuang iskor ng bawat kalahok gayundin ang average na marka sa bawat subscale ng Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory (MARS).

Ang interpretasyon ng mga nakuhang mean scores ay ibinatay sa itinakdang pamantayan ng MARS. Sa pamantayang ito, ang iskor na 3.5 pataas ay itinuring na mataas, 2.5–3.4 bilang katamtaman, at 2.4 pababa bilang mababa. Sa ganitong paraan, naging malinaw at sistematiko ang pagbibigay-kahulugan sa mga datos, na nagsilbing matibay na batayan sa pagsusuri ng antas ng paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ng mga kalahok.

Sa Talahanayan 2.0, ginamit din ang Phil-IRI *Reading Comprehension Criteria* sa pagbibigay interpretasyon sa puntos na makukuha ng kalahok na magbibigay ng kwantitatibong datos.

Talahanayan 2.0 : Phil-IRI Reading Comprehension Criteria

Puntos (sa %)	Antas
80 – 100%	<i>Independent</i>
59 – 79%	<i>Instructional</i>
58 at pababa	<i>Frustration</i>

Para malaman ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng BSED 1C at 2B, ginamit ang *standard deviation at percentage distribution* bilang pangunahing estadistikal na pamamaraan. Sa pamamagitan nito, malinaw na naipakita kung paano nahati ang mga mag-aaral ayon sa kanilang antas ng pagbasa, na kinabibilangan ng *Independent, Instructional, at Frustration levels*.

Ang mga nakuhang iskor ay inuri alinsunod sa itinakdang pamantayan ng Phil-IRI Reading Comprehension Criteria. Batay rito, ang iskor na 80–100% ay itinuring na *Independent*, 59–79% bilang *Instructional*, at 58% pababa bilang *Frustration*. Sa paggamit ng *standard deviation at percentage distribution*, naging mas malinaw ang kabuuang larawan ng kakayahan sa pagbasa ng mga kalahok. Nakatulong ito upang maipakita ang aktwal na distribusyon ng kanilang antas ng pag-unawa, na nagsilbing mahalagang batayan sa mas masusing pagsusuri ng kanilang reading performance.

Para sa pangatlong layunin, bago isinagawa ang pagsusuri ng korelasyon, sinuri muna ang distribusyon ng mga nakalap na datos gamit ang *Shapiro-Wilk test*, na itinuring na angkop para sa mga pag-aaral na may maliit na bilang ng kalahok ($N < 50$). Layunin ng pagsusuring ito na matukoy kung ang mga datos ay sumunod sa normal na distribusyon, na naging mahalagang batayan sa pagpili ng angkop na estadistikal na pamamaraan para sa pagsusuri ng ugnayan ng mga baryabol.

Talahanayan 3.0 Normality Test

Baryabol	p-value	Resulta
Metakognitibong Kasanayan	.642	Normal
agganap sa Pagbasa (Phil-IRI)	.094	Normal

Batay sa kinalabasan ng pagsusuri, ang p-value para sa Metakognitibong Mean ay .642, samantalang ang Phil-IRI Percentage ay .094. Dahil ang mga halagang ito ay kapwa mas mataas sa itinakdang .05 significance level ($p > .05$), ipinapahiwatig nito na walang sapat na ebidensya upang tanggihan ang null hypothesis ng normality. Samakatuwid, pinatutunayan na ang distribusyon ng mga datos ay maituturing na normal.

Dahil dito, ginamit ang Pearson Product-Moment Correlation (Pearson r) bilang estadistikal na pamamaraan upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng metakognitibong estratehiya at antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang paraang ito ay angkop gamitin sa mga datos na may normal na distribusyon at

nagbibigay-daan upang masukat ang lakas at direksyon ng relasyon ng dalawang baryabol. Sa pamamagitan nito, naging mas sistematiko at mapagkakatiwalaan ang pagsusuri ng ugnayan batay sa mga nakalap na datos.

V. RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang ugnayan ng metakognitibong estratehiya at antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon (BSED) 1C at 2B na nagpapakadalubhasa sa Filipino sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Kaugnay nito, inilahad at sinuri sa bahaging ito ang mga resulta batay sa mga suliraning inilahad sa simula ng pag-aaral.

Sa unang katanungan, sinuri ang antas ng paggamit ng metakognitibong estratehiya ng mga mag-aaral mula sa BSED 1C at 2B. Ipinakita sa mga sumusunod na talahanayan ang kabuuang mean at interpretasyon ng antas ng paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo, na nagsilbing batayan upang matukoy kung gaano kadalas at kaepektibo itong naipapatupad ng mga mag-aaral sa kanilang pagbasa.

1. Ano ang antas ng paggamit ng metakognitibong estratehiya ng BSED 1C at 2B?

Talahanayan 1. Deskriptibong Estadistika ng Metakognitibong Estratehiya (M1–M30)

Aytem	Bilang ng mga Kalahok (N)		Pinakamababa	Pinakamataas
M1	30		2	5
M2	30		1	5
M3	30		2	5
M4	30		2	5
M5	30		1	5
M6	30		2	5
M7	30		1	5
M8	30		2	5
M9	30		2	5
M10	30		1	5
M11	30		3	5
M12	30	2		5
M13	30	2		5
M14	30	2		5
M15	30	1		5
M16	30	2		5
M17	30	1		5
M18	30	2		5
M19	29	2		5
M20	30	1		5
M21	30	2		5
M22	30	2		5
M23	30	2		5
M24	30	2		5
M25	30	2		5
M26	30	1		5
M27	30	2		5
M28	30	2		5
M29	30	1		5
M30	30	2		5

Valid N (listwise): 29

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang deskriptibong estadistika ng bawat aytem (M1–M30) na ginamit upang masukat ang antas ng paggamit ng metakognitibong estratehiya ng mga mag-aaral. Makikita sa talahanayan ang bilang ng mga kalahok (N), pati na rin ang pinakamababang (Minimum) at pinakamataas (Maximum) iskor na nakuha sa bawat aytem.

Batay sa talahanayan, karamihan sa mga aytem ay may bilang na 30 na respondente, na nagpapakita ng kumpletong partisipasyon ng mga mag-aaral sa pagsagot ng instrumento. Gayunpaman, may ilang aytem na may

bahagyang kakulangan sa bilang, na maaaring dulot ng hindi pagsagot sa ilang bahagi ng talatanungan.

Sa aspeto ng mga iskor, makikita na ang pinakamababang halaga ay karaniwang nasa pagitan ng 1 at 2, habang ang pinakamataas na halaga ay umaabot sa 5 sa lahat ng aytem. Ipinahihiwatig nito na ginamit ang limang antas na iskala, kung saan ang 1 ay kumakatawan sa pinakamababang antas na nangangahulugang “Hindi ko ito ginagawa o halos hindi ginagawa.” at ang 5 naman ay sa pinakamataas na antas na nangangahulugang “Palagi o halos palagi ko itong ginagawa”.

Ipinapakita ng talahanayan na may malawak na saklaw ng mga tugon mula sa mga mag-aaral, na nagpapahiwatig ng pagkakaiba-iba sa kanilang paggamit ng metakognitibong estratehiya. Ang mga datos na ito ang nagsilbing batayan para sa karagdagang pagsusuri, tulad ng pagkuwenta ng mean at pagtukoy ng kabuuang antas ng paggamit ng mga estratehiyang ito.

Talahanayan 1.1. *Antas ng Paggamit ng Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa Batay sa Subscale*

Subscale	Bilang ng Aytem	Mean na Iskor	Interpretasyon
Pangkalahatang Estratehiya	13	3.83	Mataas
Estratehiya sa Paglutas ng Suliranin	8	3.84	Mataas
Estratehiya sa Pagsuporta	9	3.56	Mataas
Kabuoan	30	3.74	Mataas

Ipinakita sa Talahanayan 1.1. ang kabuuang antas ng paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral ng BSED 1C at 2B. Batay sa resulta, nakakuha ang mga respondente ng kabuuang mean score na 3.74 na may katumbas na interpretasyong “Mataas.” Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kamalayan at kakayahan sa paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo upang mapahusay ang kanilang pag-unawa sa binabasang teksto. Nangangahulugan din ito na sila ay aktibong nagbabantay, nagkokontrol, at nagsusuri ng kanilang sariling proseso ng pagbasa.

Sa pagsusuri ng bawat subscale, lumitaw na ang *Problem-Solving Strategies* ang may pinakamataas na mean score ($M = 3.84$, $SD \approx 0.88$), na may interpretasyong “Mataas.” Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang gumamit ng angkop na estratehiya kapag nakararanas ng kahirapan sa pag-unawa ng teksto. Kabilang dito ang muling pagbasa ng mahihirap na bahagi ($M27$, $M = 4.23$) at ang pagbagal ng bilis ng pagbasa upang higit na maunawaan ang nilalaman ($M8$, $M = 3.97$). Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay hindi lamang basta nagbabasa, kundi nagsasagawa rin ng agarang aksyon upang malampasan ang mga hamon sa pag-unawa.

Sumunod naman ang *Global Reading Strategies* na may mean score na 3.83 ($SD \approx 0.85$), na nananatili rin sa antas na “Mataas.” Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may malinaw na layunin bago magsimula sa pagbasa at gumagamit ng mga paunang estratehiya upang maging gabay sa pag-unawa. Halimbawa, ang pagkakaroon ng tiyak na layunin sa pagbasa ($M1$, $M = 4.00$) at ang paggamit ng mga tekstuwal na pahiwatig tulad ng mga talahanayan, pamagat, at naka-bold na salita ($M22$, $M = 3.60$) ay nagpapakita ng organisado at planadong paraan ng pagproseso ng impormasyon.

Samantala, ang *Support Reading Strategies* ang nakapagtala ng pinakamababang mean score ($M = 3.56$, $SD \approx 0.94$), bagama’t nanatili pa rin ito sa antas na “Mataas.” Ipinahihiwatig nito na bagama’t gumagamit ang mga mag-aaral ng mga suportang estratehiya gaya ng paggamit ng diksyunaryo ($M15$, $M = 3.10$) at paggawa ng buod ($M6$, $M = 3.37$), hindi ito kasingdalas ng paggamit ng mga estratehiyang kabilang sa Global at Problem-Solving. Ipinapakita nito na mas nangingibabaw ang paggamit ng mga internal o mental na proseso kaysa sa mga panlabas na suportang pamamaraan sa kanilang pagbasa.

Ipinapakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng paggamit ng metakognitibong estratehiya, na nagpapahiwatig ng kanilang kakayahang pamahalaan at subaybayan ang sariling pag-unawa habang nagbabasa. Ang ganitong kakayahan ay mahalaga sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa sa mga tekstong akademiko.

Ang kinalabasan ng kasalukuyang pag-aaral ay sinusuportahan ng natuklasan nina Deliany at Cahyono (2020), kung saan nakakuha ng mataas na mean ang Global Reading Strategies (3.6), Problem-Solving Strategies (3.8), at Support Reading Strategies (3.7). Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral ang kabuuang mean na 3.7 na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng metakognitibong kamalayan sa pagbasa. Katulad nito, ang kasalukuyang pag-aaral ay nakapagtala rin ng mataas na kabuuang mean ($M = 3.74$), na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may mataas na paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa.

2. Ano ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng BSED 1C at 2B?

Talahanayan 2. *Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ng BSED 1C at 2B?*

Descriptive Statistics					
	M	Minimum	Maximum	Mean	Std. Deviation
P11	30	0	1	.43	.504

P12	30	0	1	.57	.504
P13	30	0	1	.40	.498
P14	30	0	1	.10	.305
P15	30	0	1	.13	.346
P16	30	0	1	.80	.407
P17	30	0	1	.80	.407
P18	30	0	1	.17	.379
P19	30	0	1	.43	.504
P110	30	0	1	.50	.509
P111	30	0	1	.37	.490
P112	30	0	1	.50	.509
P113	30	0	1	.63	.490
P114	30	0	1	.70	.466
P115	30	0	1	.17	.379
P116 P117 P118 P119 P120	30	0	1	.37	.490
Valid N (listwise)	30	0	1	.77	.430
	30	0	1	.50	.509
	30	0	1	.27	.450
	30	0	1	.40	.498

Ipinapakita sa Talahanayan 2, ang deskriptong pagsusuri ng datos sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng BSED 1C at 2B ay ibinatay sa mean score ng 20 aytem (PI1-PI20), kasama rin dito ang ang kabuuang bilang ng mga kalahok/respondente, minimum, maximum, mean at standard deviation nito. Ayon sa Phil-IRI Criteria, ang iskor na 80-100% ay nasa antas na Independent, 59-79% ay Instructional, at 58% pababa ay nasa antas na Frustration.

Ang deskriptibong estadistika ng bawat aytem (PI1-PI20) mula sa instrumentong Phil-IRI na ginamit sa pag-aaral. Inilalahad dito ang bilang ng mga kalahok (N), pati na rin ang pinakamababang (Minimum) at pinakamataas (Maximum) iskor, mean, at standard deviation ng bawat aytem.

Batay sa resulta, lahat ng aytem ay may tig-30 na respondente (N = 30), na nagpapahiwatig ng kumpleto at konsistent na partisipasyon ng mga kalahok sa pagsagot sa pagsusulit. Ipinapakita rin ng “valid N (listwise) = 30” na walang nawawalang datos, kaya’t maituturing na sapat at maaasahan ang mga nakalap na datos para sa pagsusuri.

Sa pagsusuri ng mga iskor, makikitang ang minimum na halaga sa lahat ng aytem ay 0 at ang maximum naman ay 1. Ipinahihiwatig nito na ang ginamit na panukat ay *dichotomous scoring system*, kung saan ang 0 ay tumutukoy sa maling sagot at ang 1 naman ay kumakatawan sa tamang sagot. Sa ganitong paraan, ang mean ay maaaring ipakahulugan bilang proporsyon ng mga respondente na nakakuha ng tamang sagot sa bawat aytem.

Makikita rin na ang mean ng bawat aytem ay naglalaro mula .10 hanggang .80, na nagpapakita ng iba’t ibang antas ng kahirapan ng mga tanong at antas ng pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga aytem na may mataas na mean, tulad ng PI6 at PI7 (M = .80), ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga kalahok ay nakasagot nang tama, kaya’t maituturing na mas madali ang mga ito para sa mga respondente. Sa kabilang banda, ang mga aytem na may mababang mean, gaya ng PI4 (M = .10) at PI5 (M = .13), ay nagpapakita na kakaunti lamang ang nakasagot nang tama, na maaaring magpahiwatig na ang mga aytem na ito ay mas mahirap o nangangailangan ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa.

Samantala, ang *standard deviation* ng mga aytem ay nasa pagitan ng .305 hanggang .509, na nagpapakita ng antas ng pagkakaiba-iba ng mga sagot ng mga kalahok. Ang mas mababang *standard deviation* ay nagpapahiwatig ng pagkakapare-pareho ng mga sagot, samantalang ang mas mataas na halaga ay nagpapakita ng mas malaking baryasyon sa pagganap ng mga respondente.

Ipinapakita sa datos na ang pangkalahatang *mean percentage score* ng mga mag-aaral ay 45.05%. Batay sa pamantayan, ang markang ito ay pasok sa antas na *Frustration*. Sa masusing pagsisiyasat sa bawat aytem, mapapansin na:

Antas Frustration: Labinlima (15) sa dalawampung aytem ang nasa ilalim ng antas na ito. Ang pinakamababang iskor ay makikita sa aytem PI4 (10%) at PI5 (13%). Ito ay nagpapahiwatig na nahihirapan ang karamihan sa mga mag-aaral na unawain ang mga partikular na kasanayang sinusukat ng mga aytem na ito.

Antas Instructional: Tatlong (3) aytem lamang (PI13, PI14, at PI17) ang pumasok sa antas na ito, kung saan ang mga mag-aaral ay nangangailangan pa ng gabay mula sa guro upang lubos na maunawaan ang teksto.

Antas Independent: Dalawang (2) aytem lamang (PI6 at PI7) ang nakakuha ng iskor na 80%, na nagpapakita na sa mga partikular na bahaging ito lamang nagiging malaya o bihasa ang mga mag-aaral sa kanilang pag-unawa.

Sa kabuoan, makikita sa Talahanayan 2 na ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng BSED 1C at 2B ay nasa antas na *Frustration*. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng

masiglang interbensyon at mga estratehikong programa sa pagbasa upang mapataas ang kanilang kakayahan sa komprehensyon at kritikal na pagsusuri ng mga teksto.

Talahanayan 2.1. Deskriptibong Estadistika ng Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa

Baryabol	N	Mean (%)	Phil-IRI Level
Pangkalahatang Marka	30	45.05%	Frustration

Batay sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral, ipinapakita na ang mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon 1C at 2B ay nasa antas na frustration sa pag-unawa sa pagbasa. Ang kinalabasang ito ay sumasalungat sa pag-aaral ni Joey Villanueva na may pamagat na “Language profile, metacognitive reading strategies, and reading comprehension performance among college students,” kung saan natuklasan na ang paggamit ng mga metakognitibong estratehiya sa pagbasa ay may makabuluhang kaugnayan sa pagganap sa reading comprehension. Sa nasabing pag-aaral, partikular na nakatulong ang estratehiyang problem-solving at monitoring upang mapabuti ang pag-unawa sa teksto.

Gayunpaman, may mga pag-aaral na sumusuporta sa kasalukuyang resulta. Sa pag-aaral ni Lucille Jayne D. Erie na may pamagat na “Estratehiya at Motibasyon sa Pagbasa sa Kasanayang Pag-unawa sa Pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Senior High School,” natuklasan na bagama’t mataas ang antas ng estratehiya at motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral, nananatiling nasa frustration level ang kanilang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Ipinapakita nito na maaaring hindi sapat ang presensya ng estratehiya at motibasyon upang matiyak ang mataas na antas ng reading comprehension. Sinusuportahan ito ng resulta ng pag-aaral nina Apolinario et. al. na gumamit ng PHIL-IRI, kung saan lumabas na ang mga mag-aaral na nasa antas ng frustration ay kinakikitaan ng mababang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa, partikular sa literal, paghinuha, at pagsusuring pag-unawa. Batay sa kanilang pagsusuri gamit ang SPSS, natukoy na may mababang mean percentage score ang mga mag-aaral, na nagpapahiwatig ng kakulangan sa sapat na kasanayan at kakayahan sa pag-unawa ng tekstong binabasa.

Dagdag pa rito, ipinapakita rin sa kanilang pag-aaral na may iba’t ibang salik na nakaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang limitadong oras sa pagbabasa, pagkakaroon ng mga di-pamilyar na salita, mababang interes sa pagbabasa, at hindi kanais-nais na pisikal na kapaligiran sa pagkatuto. Lumabas na ang mga salik na ito ay may katamtamang epekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Bukod pa rito, binanggit din sa pag-aaral na ang madalas na pagliban sa klase, kakulangan ng gabay mula sa mga magulang, maagang pagtatrabaho ng mga mag-aaral, mga responsibilidad sa tahanan, at labis na paggamit ng cellphone ay ilan pang mahahalagang salik na nag-aambag sa mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa frustration level.

Kaugnay nito, pinatutunayan ng nasabing pag-aaral ang resulta ng kasalukuyang pananaliksik sapagkat ipinapakita rin nito na may iba’t ibang salik na maaaring makaapekto sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, bukod sa paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo.

Ayon sa din pag-aaral nina Serina Amper, Angel Lhaine C. Arnado, Jonamy Buslon, Jemelyn D.C. Robles, Marielle Coleen D.R. Saguid, Joseline M. Santos, Ph.D., Richelle C. Castro, at Remelie R. Robles, Ed.D., LPT (2025), natuklasan sa resulta ng PHIL-IRI na maraming mag-aaral ang nasa antas na frustration at instructional level, na nagpapakita ng pangangailangan ng interbensyon sa pagbasa.

Ipinapakita rin sa kanilang pag-aaral na may iba’t ibang salik na maaaring makaapekto sa pagbasa at sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Gayunpaman, batay sa kanilang pagsusuri, hindi lahat ng salik ay may makabuluhang ugnayan sa reading comprehension, ngunit kinikilala pa rin ang papel ng mga ito sa pagkatuto. Sa kabilang banda, natukoy na ang mga salik na may kaugnayan sa guro ang may pinakamahalagang impluwensiya sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, lalo na sa mga nasa antas na frustration.

Ipinapakita ng mga nabanggit na kaugnay na pag-aaral na ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ay hindi lamang nakasalalay sa iisang salik, kundi sa kumbinasyon ng iba’t ibang internal at external na mga faktor. Bagama’t may mga estratehiyang metakognitibo at motibasyon na maaaring makatulong sa pagpapabuti ng reading comprehension, ipinapakita rin ng mga resulta na nananatiling may mga mag-aaral na nasa frustration level dahil sa iba pang salik tulad ng kapaligiran sa pagkatuto, suporta mula sa guro at magulang, personal na kalagayan ng mag-aaral, at iba pang kontekstuwal na kondisyon. Samakatuwid, ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay hindi nangangahulugang kakulangan lamang ng kakayahan ng mga mag-aaral, kundi nagpapakita ng mas malawak na konteksto kung saan ang pagkatuto sa pagbasa ay naaapektuhan ng maraming salik na magkakaugnay. Sa ganitong paraan, nagiging mas malinaw na ang hamon sa pag-unawa sa pagbasa ay isang kolektibong usapin na nangangailangan ng mas malawak na interbensyon at suporta mula sa paaralan, guro, magulang, at iba pang tagapagtaguyod ng edukasyon.

3. May makabuluhang ugnayan ba ang paggamit ng metakognitibong estratehiya at antas ng pag-unawa sa pagbasa ng BSED 1C at 2B?

Talahanayan 3. Korelasyon sa pagitan ng Pangkalahatang Metakognitibong Estratehiya at Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa (Phil-IRI)

Correlations

	Pangkalahatang_Metakog nitibo ng Mean	Phil_IRI_percentag e
Pangkalahatang_Metakognitibong _Mean	1	.176
	Sig.(2-tailed	.353
	N	30
Phil_IRI_percentage	Pearson Correlation	.176
	Sig.(2-tailed	.353
	N	30

Ipinapakita sa Talahanayan 3, na ang Pearson correlation coefficient (r) sa pagitan ng Pangkalahatang Metakognitibong Mean at Phil-IRI percentage ay $r = 0.176$, na nagpapahiwatig ng mahina at positibong ugnayan. Ibig sabihin, may bahagyang tendensiya na habang tumataas ang antas ng metakognisyon ng mga mag-aaral, tumataas din ang kanilang performance sa Phil-IRI, ngunit ang ugnayang ito ay hindi malakas.

Gayunpaman, ang p -value (Sig. 2-tailed) na 0.353 ay mas mataas kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan na 0.05. Ipinapahiwatig nito na ang natukoy na ugnayan ay hindi estadistikong makabuluhan. Samakatuwid, walang sapat na ebidensya upang patunayan na may makabuluhang relasyon sa pagitan ng metakognitibong kakayahan at resulta sa Phil-IRI ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ang bilang ng mga kalahok ($N = 30$) ay maaaring nakaapekto sa lakas ng resulta, dahil ang maliit na *sample size* ay maaaring magdulot ng limitasyon sa pagtukoy ng mas malinaw na ugnayan.

Bagama't may indikasyon ng positibong relasyon, hindi ito sapat upang magbigay ng matibay na konklusyon. Iminumungkahi nito na maaaring may iba pang salik na mas malaki ang impluwensya sa performance sa Phil-IRI, bukod sa metakognitibong kakayahan.

Talahanayan 3.1. Buod ng Pearson r ng Ugnayan ng Metakognitibong Estratehiya at Pag-unawa sa Pagbasa

Baryabol	Pearson Correlation (r)	Sig. (2-tailed)	Interpretasyon
Metakognitibong Estratehiya Vs. Pag-unawa sa Pagbasa	.176	.353	Makabuluhang Ugnayan

Ipinapakita sa talahanayan na ito ang korelasyon ang resulta ng pagsusuri sa ugnayan sa pagitan ng pangkalahatang metakognitibong estratehiya at antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Batay sa nakuha na Pearson correlation coefficient ($r = .176$), makikita na may umiiral na napakahinang positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ipinahihiwatig nito na habang may bahagyang pagtaas sa paggamit ng metakognitibong estratehiya, may kaakibat din na bahagyang pagtaas sa marka sa pag-unawa sa pagbasa; gayunpaman, ang lakas ng ugnayang ito ay nananatiling mababa at hindi gaanong kapansin-pansin.

Samantala, ang antas ng kahalagahan o *significance value* (p -value = .353) ay mas mataas kaysa sa itinakdang *alpha level* na .05, na nagpapakita na ang naobserbahang ugnayan ay hindi sapat upang makapagbigay ng matibay na ebidensya ng estadistikal na ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Sa kabuuan, maipapahiwatig na bagama't may bahagyang positibong direksyon ang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng metakognitibong estratehiya at antas ng pag-unawa sa pagbasa, hindi ito sapat upang maipakita ang isang malinaw at matibay na koneksyon. Iminumungkahi nito na maaaring may iba pang salik na nakaaapekto sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na hindi saklaw ng kasalukuyang pag-aaral.

Sa pag-aaral na ito, ipinapakita sa Talahanayan 3.1. na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng metakognitibong estratehiya at antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng BSED 1C at 2B. Ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay taliwas sa pag-aaral nina Ahmadi et al. (2013) na pinamagatang "The Importance of Metacognitive Reading Strategy Awareness in Reading Comprehension", kung saan sinuri ang kahalagahan ng kamalayan sa paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa. Batay sa kanilang natuklasan, ipinapakita na ang paggamit ng metakognitibong estratehiya ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng pag-unawa sa pagbasa at itinuturing bilang isa sa mga pangunahing salik sa mas epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay kaayon ng pag-aaral na Estratehiyang Metakognitib sa Pag-unawa ng Pagbasa at Akademikong Performans ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino sa Silangang Distrito ng Dipolog. Lumabas sa nasabing pag-aaral na mataas ang antas ng paggamit ng mga estratehiyang metakognitib bago magbasa, habang nagbabasa, at pagkatapos magbasa. Gayunpaman, ipinapakita rin sa kanilang resulta na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng estratehiyang metakognitib at akademikong performans ng mga respondente.

Sinusuporta ito sa pag-aaral na "Metacognitive Reading Strategies, Motivation, and Reading

Comprehension Performance of Saudi EFL Students” (Meniado, 2016), sinuri ang ugnayan ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa, at antas ng pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral. Batay sa resulta ng pag-aaral, natuklasan na ang mga kalahok ay gumagamit ng iba’t ibang metakognitibong estratehiya sa pagbasa ng teksto. Sa tatlong kategorya ng metakognitibong estratehiya, lumabas na ang problem-solving reading ang pinakaginagamit ng karamihan ng mga respondente.

Dagdag pa rito, natuklasan na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng metakognitibong estratehiya at pag-unawa sa pagbasa, gayundin sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa at pag-unawa. Gayunpaman, ipinakita sa pag-aaral na may positibong ugnayan sa pagitan ng metakognitibong estratehiya at motibasyon sa pagbasa. Ipinapakita ng mga magkakaibang resulta ng mga naunang pag-aaral at ng kasalukuyang pananaliksik na bagama’t maaaring mataas ang paggamit ng mga mag-aaral sa metakognitibong estratehiya, hindi ito laging nangangahulugan ng mataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa o akademikong performans.

VI. KONKLUSYON

Batay sa mga nakalap na datos at isinagawang pagsusuri, lumalabas na ang mga mag-aaral ng BSED 1C at 2B na nagpakadalubhasa sa Filipino ay may mataas na antas ng paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa. Ipinapakita ng resulta na ang mga kalahok ay may kakayahang gumamit ng mga estratehiyang may kaugnayan sa pagpapalano, pagsubaybay, at pagsusuri sa sariling pag-unawa habang nagbabasa. Higit na nangingibabaw ang paggamit ng problem-solving at global reading strategies, na nagpapakita ng kamalayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga angkop na estratehiya sa pagproseso ng tekstong binabasa. Gayunpaman, ipinakita rin ng resulta na ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nasa antas na frustration.

Batay sa *Metacognitive Theory* ni John Flavell (1979), binibigyang-diin na ang metakognisyon ay tumutukoy sa kamalayan at regulasyon ng isang indibidwal sa kanyang sariling proseso ng pag-iisip. Kaugnay nito, ipinakita sa pag-aaral na ang mga kalahok ay may kamalayan sa paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa, partikular sa pagpapalano, pagsubaybay, at pagsusuri sa sariling pag-unawa habang nagbabasa.

Batay rin sa isinagawang pagsusuri gamit ang *Pearson Product-Moment Correlation*, lumabas na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng metakognitibong estratehiya at antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na sa kasalukuyang pag-aaral, ang mataas na paggamit ng metakognitibong estratehiya ay hindi kinakailangang kaugnay ng mataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa.

VII. REKOMENDASYON

Batay sa naging resulta ng pag-aaral na ito, inirerekomenda na magsagawa pa ng mga susunod na pananaliksik na hindi lamang nakatuon sa metakognitibong estratehiya sa pagbasa gaya ng Global Reading Strategies, Problem-Solving Reading Strategies, at Support Reading Strategies, kundi isaalang-alang din ang iba pang baryabol na may kaugnayan sapag-unawa sa pagbasa, tulad ng prior knowledge, vocabulary knowledge, motibasyon sa pagbasa, at interes ng mga mag-aaral sa tekstong binabasa. Sa pamamagitan nito, maaaring magkaroon ng mas malawak at mas malalim na pag-unawa sa iba’t ibang salik nakakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa ng mga tekstong Filipino.

Kaugnay nito, hinihikayat din ang mga institusyong pang-edukasyon na patuloy na paigtingin at palawakin ang mga programang nakatuon sa literasiya upang higit na mapabuti ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Inaasahang makatutulong ang mga programang ito hindi lamang sa mga mag-aaral kundi maging sa mga guro sa kanilang proseso ng pagtuturo. Mahalaga rin ang gampanin ng mga guro sa pagpapatupad ng mga remedial at intervention programs na nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkilala sa salita (decoding), pagpapalawak ng bokabularyo, at paglinang ng pag-unawa sa binabasa. Maaaring gumamit ng iba’t ibang estratehiya tulad ng repetitive reading, guided reading, paggamit ng leveled texts, at iba pang angkop na gawaing pampagkatuto. Sa pamamagitan ng mga ito, maaaring unti-unting mabawasan ang antas ng frustration ng mga mag-aaral at maiangat ito tungo sa instructional level, kasabay ng patuloy na pagsubaybay sa kanilang pagkatuto.

Dagdag pa rito, inaanyayahan ang mga guro sa pampubliko at pribadong paaralan, partikular sa antas elementarya at sekundarya, na higit pang pagyamanin ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong kagamitan at angkop na pamamaraan sa pagtuturo. Hinihikayat din ang mga guro na isagawa ang differentiated instruction upang maisaalang-alang ang magkakaibang pangangailangan at antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paggamit ng angkop at epektibong mga estratehiya, inaasahang mapabuti ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral at unti-unting maiangat ang kanilang antas mula sa frustration level patungo sa mas mataas na antas ng kasanayan. Sa ganitong paraan, higit na mapapalakas ang kanilang kakayahan sa pagbasa at mapaunlad ang kanilang pag-unawa sa mga tekstong kanilang binabasa, lalo na sa asignaturang Filipino.

REFERENCES

- [1] Amanvermez İncirkuş, F., & Beyreli, L. (2020). Effect of Metacognitive Reading Strategies on Critical

- Thinking: A Mixed Methods Research. *Education and Science*, 45(202), 173-190. <https://doi.org/10.15390/EB.2020.7857>
- [2] Schmitt, M. C. (1990). A questionnaire to measure children's awareness of strategic reading processes. *The Reading Teacher*, 43(7), 454–461. <https://doi.org/10.1598/rt.43.7.3>
- [3] Villanueva, J. M. (2022). Language profile, metacognitive reading strategies, and reading comprehension performance among college students. *Cogent Education*, 9(1). <https://doi.org/10.1080/2331186x.2022.2061683>
- [4] Flavell, J. H. (1979). Metacognition and cognitive monitoring: A new area of cognitive–developmental inquiry. *American Psychologist*, 34(10), 906–911. <https://doi.org/10.1037/0003-066x.34.10.906>
- [5] Schraw, G., & Dennison, R. S. (1994). Assessing metacognitive awareness. *Contemporary Educational Psychology*, 19(4), 460–475. <https://doi.org/10.1006/ceps.1994.1033>
- [6] Fitriisa, D., Tan, K. E., & Yusuf, Y. Q. (2015). Investigating metacognitive awareness of reading strategies to strengthen students' performance in reading comprehension. *The Asia Pacific Journal of Educators and Education (Formerly Known as Journal of Educators and Education)*, 30(1), 1–16. <https://doi.org/10.21315/apjee2015.30.1>
- [7] Veenman, M. V. J., Van Hout-Wolters, B. H. a. M., & Afflerbach, P. (2006). Metacognition and learning: conceptual and methodological considerations. *Metacognition and Learning*, 1(1), 3–14. <https://doi.org/10.1007/s11409-006-6893-0>
- [8] Deliany, Z., & Cahyono, B. Y. (2020). Metacognitive reading strategies awareness and use of EFL university students across gender. *International Journal of Instruction*, 13(2), 847–862. <https://doi.org/10.24815/sieve.v7i2.17026>
- [9] Baker, L. (1984). Metacognitive skills and reading. *Medical Entomology and Zoology*. <https://ci.nii.ac.jp/naid/10018349762/>
- [10] Zimmerman, B. J. (2002). Becoming a Self-Regulated Learner: An Overview. *Theory Into Practice*, 41(2), 64–70. https://doi.org/10.1207/s15430421tip4102_2
- [11] Flavell, J. H. (1971). First discussant's comments: What is memory development the development of? *Human Development*, 14(4), 272–278. <https://doi.org/10.1159/000271221>
- [12] Azevedo, R. (2020). Metacognition in learning and instruction. *Educational Psychologist*, 55(2), 87–102. <https://doi.org/10.1007/s11409-020-09231>
- [13] Hilmi, M. (2024). The influence of reading strategies on comprehension skills in English language learners. *MASALIQ*, 5(1), 37–49. <https://doi.org/10.58578/masaliq.v5i1.4295>
- [14] Husna, Z., Wahyuni, S., Rukmini, D., & Wulandari, R. S. (2025). The impact of cognitive and metacognitive reading strategies on EFL students' reading comprehension. *Language Circle Journal of Language and Literature*, 19(2), 372–386. <https://doi.org/10.15294/lc.v19i2.21061>
- [15] Navarro, Z. I. T. (2021). Metacognitive Strategies for Reading Comprehension in Basic Education students. *Asian Journal of Education and Social Studies*, 34–46. <https://doi.org/10.9734/ajess/2021/v14i430362>
- [16] Shah, P. M., Hafsa, S., & Ismail, A., (2025). Effects of metacognitive strategies on students' learning. *Advance Social Science Archive Journal* 3(2) <https://doi.org/10.55966/assaj.2025.3.2.021>
- [17] Delgado, P., Vargas, C., Ackerman, R., & Salmerón, L. (2018). Don't throw away your printed books: A meta-analysis on the effects of reading media on reading comprehension. *Educational Research Review*, 25, 23-38. <https://doi.org/10.22555/joedd.v6i1.2749>
- [18] Duke, N. K., & Cartwright, K. B. (2021). The science of reading progresses: communicating advances beyond the simple view of reading. *Reading Research Quarterly*, 56(S1). <https://doi.org/10.1002/rrq.411>
- [19] Ghimire, N., & Mokhtari, K. (2025). Evaluating the predictive power of metacognitive reading strategies across diverse educational contexts. *Large-scale Assessments in Education*, 13(1). <https://doi.org/10.1186/s40536-025-00240-3>
- [20] Adeyiga, A. A. (2025). Teaching reading comprehension in the digital age: a case study of secondary English teachers in Ogun State, Nigeria. *Social Dynamics*, 51(1).
- [21] Dela Cruz, J. Y. S. D., Domingo, E. V., Bondoc, R. P., Beason, J. E., & Quizon, A. M. C. (2026). Reading comprehension and academic performance of students. *World Journal of Advanced Research and Reviews*, 29(1), 757–767. <https://doi.org/10.30574/wjarr.2026.29.1.0084>
- [22] Husna, N., et al. (2021). The implementation of metacognitive strategies to improve students' reading comprehension. *Journal of Language and Language Teaching*, 9(2).
- [23] Gazali, N. F., & Baa, S. (2023). The Correlation between EFL Students' Metacognitive Reading Strategy and their Reading Comprehension on English Expository Text. *IDEAS: Journal on English Language Teaching and Learning, Linguistics and Literature*, 11(1).
- [24] U. S. a. S. I., Muhid, A., Amalia, E. R., Ekarizkiamalia2104@gmailCom, I. P. K. a. C. I., Hilaliyah, H., Hilda, U. I. P. I., Budiana, N., Nia_Budiana, U. B. I., Wajdi, M. B. N., & Baridnizar, S. M. U. N. I. (2020). The effect of metacognitive Strategies implementation on students' reading comprehension achievement. *International Journal of Instruction*, 13(2), 847–862. <https://doi.org/10.29333/iji.2020.13257a>
- [25] Sanggawa, J. L., Santiago, M. B., Santos, R. T., Sapdoy, E. E., & Eguia, M. L. G. (2024). Antas ng Pag-Unawa sa Pagbasa ng mga Mag-Aaral sa ikatlong baitang ng Klaster 5. *Cognizance Journal of Multidisciplinary*

- Studies, 4(12), 275–290. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i12.027>
- [26] Caballero, A. M., & Dioso, E. (2024). Improving Reading Comprehension, Vocabulary and Fluency through the Use of Bottom-Up Model: An Experiment. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 22(8), 1–1. <https://ejournals.ph/article.php?id=28006>
- [27] Salde, N. B. D., Monte, Q. E., Segara, L. J., & Fernandez, E. J. (2025). ENHANCING THE READING SKILLS OF BSED-ENGLISH COLLEGE STUDENTS THROUGH INTERACTIVE READING STRATEGY. *European Journal of Literature Language and Linguistics Studies*, 9(2). <https://doi.org/10.46827/ejll.v9i2.616>
- [28] Mokhtari, K., & Reichard, C. A. (2002). Assessing students' metacognitive awareness of reading strategies. *Journal of Educational Psychology*, 94(2), 249–259. <https://doi.org/10.1037/0022-0663.94.2.249>
- [29] Erie, L. J. (2025). Estratehiya at Motibasyon sa Pagbasa sa Kasanayang Pag-Unawa sa Pagbasa sa Filipino ng Mga Mag-Aaral sa Senior High School. *International Journal for Multidisciplinary Research*, 7(3). <https://doi.org/10.36948/ijfmr.2025.v07i03.44699>
- [30] Amper, S, et al. "Factors Affecting Reading Challenge among Intermediate Pupils in a Public School in Bulacan." *ISA Journal of Multidisciplinary (ISAJM)*, vol. 2, no. 3, 2025, isapublisher.com/wp-content/uploads/2025/06/Factors-Affecting-Reading-Challenge-among-Intermediate-Pupils-in-a-Public-School-in-Bulacan.pdf?utm_source=perplexity, <https://doi.org/10.5281/zenodo.15692538>. Accessed 12 Sept. 2025.
- [31] Ahmadi, M. R., Ismail, H. N., & Abdullah, M. K. K. (2013). The Importance of Metacognitive Reading Strategy Awareness in reading comprehension. *English Language Teaching*, 6(10). <https://doi.org/10.5539/elt.v6n10p235>
- [32] Meniado, J. C. (2016). Metacognitive Reading Strategies, Motivation, and reading Comprehension performance of Saudi EFL students. *English Language Teaching*, 9(3), 117. <https://doi.org/10.5539/elt.v9n3p117>
- [33] Snow, C. (2002). Reading for understanding: Toward an R&D program in reading comprehension. RAND Corporation.
- [34] Hedgecock, J. S., & Ferris, D. R. (2018). Teaching readers of English: Students, texts, and contexts (2nd ed.). Routledge.
- [35] Carlo, P. (2019). Makrong Kasanayan sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto. (Lokal na Pagbasa at Literatura).
- [36] Smith, F. (2012). Understanding reading: A psycholinguistic analysis of reading and learning to read (6th ed.). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9780203142165>
- [37] Bartlett, F. C. (1932). Remembering: A study in experimental and social psychology. Cambridge University Press.
- [38] Badayos, P. B. (2008). Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino: Mga teorya, simulain, at diskarte (2nd ed.). Mutual Books.
- [39] Bloomfield, L., & Barnhart, C. L. (1961). Let's Read: A Linguistic Approach. Detroit, MI: Wayne State University Press.
- [40] Barr, R. A. (1995). Reading Diagnosis for Teachers: An Instructional Approach. Third Edition. Journal. <https://eric.ed.gov/?id=ED382925>
- [41] Alvermann, D. E., Unrau, N. J., Ruddell, R. B. (n.d.). Theoretical Models and Processes of Reading: <https://www.amazon.com/Theoretical-Models-Processes-Reading-6th/dp/0872077101>
- [42] Flavell, J. H. (1981). Cognitive monitoring. In W. P. Dickson (Ed.), *Children's oral communication skills* (pp. 35-60). Academic Press.
- [43] Ramírez Mazariegos, L. G. (2017, August 21). La comprensión lectora: un reto para alumnos y maestros. Observatorio de Innovación Educativa. <https://observatorio.tec.mx/edu-bits-2/2017-8-21-reading-compression-a-challenge-for-students-and-teachers/>
- [44] Rumelhart, D. E. (1980). Schemata: The building blocks of cognition. In R. J. Spiro, B. C. Bruce, & W. F. Brewer (Eds.), *Theoretical Issues in Reading Comprehension* (pp. 33-58). Lawrence Erlbaum Associates.
- [45] Rumelhart, D. E. (1994). Toward an interactive model of reading. In R. B. Ruddell, M. R. Ruddell, & H. Singer (Eds.), *Theoretical models and processes of reading* (4th ed., pp. 864–894). International Reading Association. (Reprinted from H. Singer et al (Eds.), "Theoretical Models and Processes of Reading (3rd ed.)," Newark, DE: International Reading Assn)
- [46] National Privacy Commission. (2012). Republic Act 10173 – Data Privacy Act of 2012. National Privacy Commission. <https://privacy.gov.ph/data-privacy-act/>